19 Setyembre 2006

Mga Magulang/Tagapangalaga:

Maligayang pagbabalik sa Toronto Catholic District School Board para sa panibagong taon ng pasukan. Sa mga baguhang magulang at tagapangalaga, Mabuhay, at salamat sa inyong pag-ako at pagsuporta sa edukasyong katoliko – lubos namin itong pinahahalagahan!

Noong Hunyo, sumulat kami sa inyo upang ipabatid ang aming sitwasyon ukol sa pinansyal. Ngayong narito na ang pinal na badyet, nakikinita namin na may kakulangan o depisit kami na $34.6 million sa taong ito. Ito'y dahil sa pangunahing depekto sa pormula ng pagpopondo ng gobyerno.

Higit at una sa lahat, wala kaming intensyon na magbawas ng tauhan o mga serbisyo ngayong taon. Ang pagprotekta sa mga programa at nauukol na bilang ng mga tauhan na nagbibigay serbisyo at suporta sa aming estudyante ang magiging prioridad sa kabuuang mga diskusyon.

Ayon sa pormula ng pagpopondo, kinakailangan sanang magbawas ng programa sa Edukasyon Espesyal ng mga $9 million para makasumite ng balanseng badyet sa susunod na Agosto 31. Kinakailangan din sana naming magbawas sa mga palakad at pangangalaga sa paaralan ng mga $10.4 million, $5 million sa mga titser at $3 million sa transportasyon. Hindi ito kanais-nais at hindi tinanggap ng *Board of Trustees*. Naghahanap kami ng solusyon na hindi magpapahamak sa mga programa at serbisyo para sa mga bata.

Ito ang mga nangyayari:

- Binabati namin ang bagong hinirang na Ministro ng Edukasyon, ang Kagalang-galang na si Kathleen Wynne. Umaasa kaming makatrabaho siya sa aming pagsisikap na makahanap ng mga solusyon sa marami at hindi matapos-tapos na mga isyu sa edukasyon.
- Binigyan tayo ng palugit ng dating Ministro ng Edukasyon ng lampas sa itinakdang-araw na Agosto 31, upang makipagtulungan sa isang Espesyal na Koponan o *Special Assistance Team*.
- Susuriin ng Koponan kung magagawa o maaari ang ibinigay naming mga opsiyon at plano para mabalanse ang badyet. Bibigyan nila ng pananalig ang Board at ang Ministri na lahat ng risonableng opsiyon sa badyet ay nabigyan ng konsiderasyon at sisiguruhin nila ang pagkakaroon ng nauukol na takdang-araw para sa pag-sumite ng badyet .
- Magbibigay ang Koponan ng komento sa posibleng resulta ng anumang kinakailangang pagbabawas para maiayon ang mga gastusin sa mga pondo at ipakita kung saan magkakaroon pa ng mga kakulangan.
- Inatasan din ang Koponan na magbigay ng isang mataas na uri ng pagsusuri ng pagbubuklod ng planong kapital (Solusyon para sa Toronto) at ang kaukulang gastos at matitipid dito.

Proseso ng Konsultasyon

Sa sandaling matanggap namin ang ulat ng Koponan, magbibigay kami ng karagdagang impormasyon tungkol sa aming susunod na hakbang para malutas ang isyu sa pondo. Ang *Board* na ito ay para sa konsultasyon at ipaaalam namin sa inyo ang iba pang mga detalye sa pagpapatuloy ng prosesong ito. Pakitingnan ang aming website sa www.tcdsb.org para sa mga balita tungkol sa badyet o tumawag sa 24-hour information line sa 416-222-8282 ext 2873.

Ang aming pangunahing prioridad ay mapanatili ang mataas na uri ng serbisyo ng TCDSB at magbigay ng kalidad na edukasyong Katoliko sa aming mga estudyante. Sa pagsisimula ng panibagong taon ng pasukan, umaasa kami ng isang matagumpay na taon para sa bawat isa.

Paul John Crawford, Trustee Ward 12
paul.crawford02@tcdsb.org
416-512-3412